

- Himukin ang mga ito na sumali sa mga clubs sa paaralan, drama, teatro o gawaing sports kung saan sila makaririnig ng ibang nagsasalita sa Ingles at magkaroon sila mismo ng pagkakataon na magsalita ng Ingles. Kausapin sila tungkol sa kanilang karanasan.
- Kausapin sila tungkol sa kanilang hinaharap at pangarap sa buhay at maaring gusto rin nilang marinig ang tungkol sa pangarap ninyo.
- Manood ng palabas sa TV na pang-edukasyonal at pag-usapan kung ano ang kanilang natutunan.
- Bumisita ng mga lugar at mga kaganapan na nakaka-interes sa inyong komunidad: parke, museo, lugar ng pamana at natural na kasaysayan, pagdiriwang at kaganapang-kultural, at iba pa. Pag-usapan ang inyong karanasan.

Matutulungan ninyo ang inyong anak na bumuo ng kasanayan sa pag-iisip at pagsasalita sa inyong pangunahing wika at sa Ingles sa pamamagitan ng mabuti at matiyagang pakikinig at pakikipag-ugnayan sa kanila.



“Talk: An Important Part of Learning”

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.

Canada



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Pakikipag-usap: Mahalagang Bahagi ng Pag-aaral



“Ang layunin ng English Language Arts ay ang mabigyan ang mga mag-aaral ng mga pagkakataon para sa personal at intelektwal na pag-unlad sa pamamagitan ng pananalita, pagbabasa, pakikinig, pagsusulat, pagtingin, at pangangatawan para gumawa ng kabuluhan sa mundo at maihanda ang kanilang sarili upang makilahok sa lahat ng aspeto ng lipunan.”

Ang mga bata ay natututo ng pag-iisip, pagbabasa at pagsusulat sa pamamagitan ng paglikha ng kahulugan galing sa malawak at iba't-ibang karanasan. Sila ay natututong makipag-usap sa pamamagitan ng pamumuhay at pakikipag-ugnay sa ibang tao. Napakahalaga ng pakikipag-usap dahil nakatutulong ito sa pagbuo ng kaisipan. Sa mga paaralan ng BC, ang pakikinig at pananalita ay parehong mahalagang kasanayan na kailangang matutunan ng mga mag-aaral para sa kanilang edukasyon.

Ang mga kasanayan ng pakikinig at pakikipag-usap ay:

- mahalaga sa pagbuo ng pag-iisip ng mga bata;
- pundamental na mga pag-aaral ng pagbasa at pagsulat;
- pundasyon para sa pagsasanay pang-akademiko; at
- susing elemento sa pagbuo ng kasanayang-sosyal.

Ang mga guro ay humihikayat na mabuo ang pakikinig at pakikipag-usap sa pamamagitan ng mapakay na mga gawain katulad ng:

- isa-sa-isang pag-uusap sa pagitan ng guro at bata.
- Pagpares ng trabaho kung saan ang dalawang mag-aaral ay magtutulungan upang makumpleto ang isang gawain at ibahagi ang kaalaman sa isa't- isa at sa buong klase.
- estratehiya na paganahin ang mga mag-aaral upang magkaroon ng kaalaman kung paano sila mag-isip at matuto.

Marami sa mga gawaing-pag-aaral ay nangangailangan na ang mga mag-aaral ay makikipag-usap sa isa't-isa. Halimbawa: mga mambabasa na 'teatro, role playing, paglutas ng problema, acting, collaborative na pananaliksik, acting, collaborative research projects, debate at diskusyon.

Paano makatulong ang mga magulang sa pagbuo ng kasanayan sa pakikinig at pakikipag-usap sa bahay?

Pag-usapan ang tungkol sa pang-araw-araw na gawain at ibahagi ang sarili mong karanasan. Kumustahin ang araw nila at kung ano ang ginawa nila sa paaralan, ano ang pinaka-gusto nila at hindi pinaka-gusto at **bakit**. Pakinggan ang mga sagot.

- Pag-usapan din ang tungkol sa mga libro, characters at kaganapan sa kwento.
- Pag-usapan ang mga tagumpay nila at iba pang alalahanin na meron sila.